# Neoliberalismo sa Edukasyon: Ang CMO blg. 20 s.2013 Bilang Anti-Filipinong GE

*Neoliberalism in Education: CMO no. 20 s.2013 as an Anti-Filipino GE*

**JONELLE E. MARIN**

**ABSTRAK**

Sa halip na isulong ng lalong mataas na edukasyon ang bisyon na pagsilbihin ang mga programa at kurikulum nito ayon sa pangangailangan ng bansa, ang ipinatupad na reporma sa edukasyon mula 2011 hanggang 2016 ay nagpatuloy at nagpatunay na tumutugon lamang ang Pilipinas sa global na demand sa lakas-paggawa. Sinuri sa papel na ito ang pagpapatupad sa CMO 20 s. 2013 na nakaugnay sa K-12 bilang mga neoliberal na polisiya sa edukasyon. Inilatag ang programa sa edukasyon sa mga taong ito bilang konteksto sa pagsusuri sa CMO 20 at mga pahayag ng CHED gamit ang critical discourse analysis ni Fairclough. Napatunayan sa pag-aaral na may neoliberal na katangian ang mga pahayag at wika ng CHED kaya hindi ito makapagtataguyod ng pag-aaral at paggamit ng wikang Filipino sa kolehiyo.

*Mga Susing Salita:* neoliberalismo, CHED Memorandum blg. 20 s.2013, critical discourse analysis, general education, wikang Filipino sa kolehiyo

**ABSTRACT**

Instead of a vision for higher education to have the programs and curricula serve the needs of the country, education reforms from 2011 to 2016 only continued and confirmed that the Philippines only responds to the global demand for labor force. This paper analyzed the implementation of CMO 20 s.2013 that is closely linked to K-12 as neoliberal policies in education. Education programs were used as context in analyzing CMO 20 and CHED's statements using Fairclough's critical discourse analysis. The study confirmed that CHED's statements and its language perpetuate and promote neoliberalism which prove that it will not promote the Filipino language use and studies in college.

*Keywords*: CHED Memorandum no. 20 s.2013, critical discourse analysis, general education, Filipino language in college

Tumanggap ng malawakang kritisismo ang pagpapatupad ng Commission on Higher Education (CHED) Memorandum blg. 20 serye 2013 (CMO 20 s. 2013) sa ilalim ng termino ni Patricia Licuanan. Sa bisa nito, hindi na kasama ang Filipino sa mga kinakailangang asignatura sa General Education Curriculum (GEC) ng mga estudyante sa kolehiyo. Sa ginanap na kumbensiyon noong 21 Hunyo 2014, higit 300 na mga guro at estudyante ang dumalo at sumuporta laban sa polisiyang ito (Umil). Dito rin nabuo ang Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika). Ayon sa Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan at guro sa Unibersidad ng Pilipinas na si Bienvenido Lumbera, kolonyal na edukasyon ang ugat ng ganitong polisiya.

Dahil na rin sa petisyon sa Korte Suprema, mga sumunod na kilos-protesta at pagbubuo ng iba pang balangay ng Tanggol Wika, ibinaba ng Korte Suprema ang temporary restraining order (TRO) noong 2015 sa CMO 20 s. 2013. Ayon sa petisyong ito, nilabag ng nasabing memorandum ang Konstitusyong 1987 dahil sa pagtatanggal ng Filipino, Panitikan, at Konstitusyon ng Pilipinas sa GEC (Ayroso). Alinsunod sa utos ng Korte Suprema, inilabas ng CHED ang CMO blg. 57 s. 2017 na naglalayong panatilihin ang 3-9 units ng Filipino sa kolehiyo (Umil, "New CHED memo"). Subalit matapos ang tatlong taon, ibinaba ng Korte Suprema ang desisyong hindi labag sa Konstitusyon ang K-12 at tinanggal nito ang TRO sa pagpapatupad ng CMO 20 s. 2013. Pumanig ang mga ito sa paliwanag na hindi "tinanggal" ang Filipino, Panitikan, at Konstitusyon, bagkus ay tiniyak lamang na walang madodobleng mga asignatura sa Grade 1 hanggang 10, senior high school, at kolehiyo (Buan).

Nagpalit man ng tagapangulo ang CHED sa katauhan ni Prospero De Vera III simula noong 2018, pareho rin ang tindig nito sa pagpapatupad ng nasabing memorandum. Noong 2019, pinabulaanan ng CHED ang bansag na ito ay 'anti-Filipino.' Ayon sa kaniya, mali ang bansag na ito dahil naniniwala silang may pundamental na papel sa edukasyon ang wika (Hallare). Sinundan niya ito ng pahayag na "To be properly cultivated, Filipino cannot merely be taught as a subject, but must be used in oral and written forms, across academic domains." Pinilit bigyang-katwiran ng CHED ang desisyong tanggalin ang Filipino sa GEC sa pamamagitan ng paggamit ng maling batayan. Ipinamamalagay nitong, una, pareho lamang ang mga paksang tatalakayin sa Filipino sa sekundarya at kolehiyo kaya hindi na raw ito nararapat na ituro bilang isang asignatura. At ikalawa, ang paggamit dito bilang wikang panturo o medium of instruction ay mas mahalaga kaysa ituro ito bilang asignatura kung nais nating maayos itong pagyamanin. Hindi ito hiwalay sa naging pahayag dati ni Licuanan noong unang naging matunog ang tungkol sa CMO 20 s. 2013. Sinabi niyang hindi tuluyang mawawala ang Filipino sa kolehiyo dahil bibigyang insentibo naman ng CHED ang mga institusyong gagamit ng Filipino bilang wikang panturo at makikipagtulungan ito sa Komisyon sa Wikang Filipino sa pagbubuo ng plano kabilang ang pagbibigay ng insentibo sa mga lilikha ng mga materyal sa Filipino (Geronimo).

Bukod sa nanganganib na espasyo para sa Filipino sa kurikulum, nanganib din ang trabaho ng mga guro sa Filipino at Panitikan sa mga panahong ito. Sa isang panayam noong 2018, sinabi ng isa sa mga convenor ng Tanggol Wika na si David Michael San Juan na nasa 10,000 mga guro ang maaaring mawalan ng trabaho dahil sa pagtatanggal ng Filipino at Panitikan sa GEC.

## NEOLIBERALISMO SA LALONG MATAAS NA EDUKASYON

Ang pagtatanggal sa Filipino at Panitikan sa GEC sa kolehiyo at ang pagtatanggal din ng mga guro ay dalawa sa mga kongkretong epekto ng neoliberal na opensiba sa edukasyon. Sa artikulong "The flexible University: Neoliberal education and the global production of migrant labor" ni Yasmin Ortiga, tinalakay niya kung paano umaangkop ang mga pribadong unibersidad at kolehiyo upang matugunan ang demand sa paggawa sa ibayong dagat. Ayon sa kaniya, noong magkasunod na lumaki ang demand para sa kursong Hotel and Restaurant Management (HRM) at Nursing mula noong 2000, ipinakita ng piling HEI ang kanilang pagiging "pleksible": nagbawas ang mga ito ng mga kahingian sa mga aplikanteng guro; pinadalo ang mga bagong guro sa mga seminar at palihan bilang karagdagang pagsasanay upang matugunan ang kakulangan sa karanasan; nagpatupad ng "team teaching strategy" para mapaghati-hatian ang mga paksang kailangang ituro; nagtaas ng sahod ng mga gurong nagtuturo sa mga "in-demand" na kurso; at sumali sa mga paligsahan upang makapang-akit ng mas marami pang mga estudyante. Ilan sa mga nakitang mayor na suliranin sa ipinatupad na mga pagbabago ay ang kahinaan sa paggabay sa mga bagong guro na nagkaroon din ng negatibong epekto sa kanilang pagtuturo. Naapektuhan ang kalidad ng edukasyon dahil sa pinaluwag na mga kuwalipikasyon sa tatanggaping mga guro. May

hinaing ang ilang mga estudyante tungkol sa kakulangan ng oras ng mga bagong guro para sa konsultasyon labas pa sa oras ng klase at sa kakulangan ng kanilang karanasan na masagot ang kanilang mga tanong.

Ngunit nang bumaba na ang demand sa dalawang kurso, nagdulot din ito ng panibagong mga problema. Ayon kay Ortiga, hindi naging problema para sa mga administrador ang baliin nang bahagya ang kanilang istandard upang mas maraming guro ang matanggap, ngunit naging mahigpit naman sila sa tanggalan ng mga guro. Dahil bumaba na ang demand noon sa kursong HRM, hindi na rin nangailangan ng maraming mga guro para dito. Dahil ang mga pribadong HEI ay nakaasa sa kita mula sa matrikula ng mga estudyante, nagkakaroon din ng banta o tuluyang pagsasara ng mga departamentong hindi nagpapasok ng tubo. At ang mga ipinagawang gusali para sa mga kursong "in-demand" noon ay ilalaan sa ibang mga programa kahit pa hindi akma o ideal ang mga klasrum para sa ibang mga kurso.

Ipinakita ng artikulo kung ano ang epekto ng neoliberal na oryentasyon sa lalong mataas na edukasyon, partikular sa bansang katulad ng Pilipinas na tumutugon sa demand sa paggawa ng mga mas makapangyarihang bansa. Suri ni Ortiga:

> *In many ways, the creation of flexible manpower and spaces within Philippine universities indicates how the ideals of neoliberal education manifest in the context of a migrant-sending country. While western scholars have compared current university policies with the business models of modern corporations, I find that Philippine higher education institutions operate more like the Third World factories of today's global economy.* (496)

Nakatutok ang oryentasyon ng lalong mataas na edukasyon sa bansa upang pagsilbihan ang global na demand sa lakas-paggawa kaya hindi na priyoridad ang paglikha ng mga kurso at programang tutugon sa pangangailangan ng bansa. Ganito rin ang paliwanag nina Block et al. hinggil sa epekto ng neoliberalismo sa edukasyon:

> *In the broader field of education, the impact of neoliberalism on education has been foregrounded for some time (Hill and Kumar 2009). The shift from pedagogical to market values has been widely commented on as involving a fundamental shift in educational philosophy: the abandonment of the social and cooperative ethic in favour of individualist and competitive business models.* (6)

Ang tinutukoy na "values" ay makikita sa artikulasyon ng ilang mga dokumentong nagpapaliwanag hinggil sa pangangailangang pagtugmain ang suplay ng 'human resource' sa demand ng merkado. Tinitingnan na lamang ang mga manggagawa bilang produkto ng mga institusyong naghanda rito para sa pagsabak sa paggawa. At ang paghahandang ito ay nakabatay na lamang din sa kung ano ang kakailanganin nito sa pagpasok sa trabaho. Kaya hindi lamang nawawala ang "social and cooperative ethic" ng edukasyon kundi maging ang pagkatao ng isang estudyante.

Sa mga ganitong paraan nabibigyang mukha ang neoliberalismo. Higit itong mauunawaan sa pagtingin sa partikular na epekto nito sa isang sektor o industriya sa lipunan. Mas madali itong maiuugnay ngayon sa depinisyon ni David Harvey sa kaniyang aklat na "A Brief History of Neoliberalism":

> *Neoliberalism is in the first instance a theory of political economic practices that proposes that human well-being can best be advanced by liberating individual entrepreneurial freedoms and skills within an institutional framework characterized by strong private property rights, free markets, and free trade. The role of the state is to create and preserve an institutional framework appropriate to such practices. The state has to guarantee by force if need be, the proper functioning of market.* (2)

Ang tatlong anyo ng neoliberalismo – deregulasyon, pribatisasyon, at ang pagpapaubaya ng estado sa serbisyong panlipunan ay naging malaganap noong dekada '70 (3). Ang deregulasyon ay ang pagbabawas o pagtatanggal ng restriksiyon ng estado sa mga industriya at kadalasang nasa porma ng kawalan ng kontrol ng estado sa pagtaas o pagbaba ng presyo ng isang produkto; ang liberalisasyon ay nagtatanggal din ng regulasyon at restriksiyon sa mga pribadong aktibidad; at ang pribatisasyon ay ang pagpapaubaya ng dating kontrol ng publiko (o ng estado) patungong pribado sa pamamagitan ng pagbebenta ng malakihang shares o ng kabuuan. May diin ang neoliberalisasyon sa pagbabawas o pagtatanggal ng restriksiyon sa mga mamumuhunan sa sariling bansa o sa dayuhan at ginamit nito ang konsepto ng 'kalayaan' bilang pinakamahalagang birtud

na nararapat matamasa ng bawat isa. Anumang magiging hadlang sa 'kalayaan' ay kailangang tanggalin. Ngunit sa katunayan, ang kalayaan na ito ay para lamang sa mga may kakayahang lumahok sa kalakalan. At maging ang iba pang sektor ay minamaksimisa't ibinubukas na rin sa mga mamumuhunan.

Neoliberalisasyon ang hakbang ng mga bansang nakaranas ng matinding krisis. At laging katuwang dito ang pangulo ng estado, imperyalistang bansa at mga galamay nito, malalaking money-lending institution at business elite. Sila ang mga pangunahing nagdidirihe sa bansang magpapasailalim sa neoliberalisasyon ng ekonomiya. Ganito ang ginawa sa Chile sa panahong tumitindi na ang pagsalungat ng mga business elite sa pamunuan ni Salvador Allende. Matapos magtagumpay ang kudeta ni Pinochet, una niyang inayos ang pag-utang sa World Bank (WB) at International Monetary Fund (IMF). At kapalit ng utang na ito ang "pakikipagtulungan" ng IMF sa pamunuan ng Chile na ayusin ang balangkas ng ekonomiya nito:

> *They reversed the nationalizations and privatized public assets, opened up natural resources (fisheries, timber, etc.) to private and unregulated exploitation (in many cases riding roughshod over the claims of indigenous inhabitants), privatized social security, and facilitated foreign direct investment and freer trade. The right of foreign companies to repatriate profits from their Chilean operations was guaranteed. Export-led growth was favoured over import substitution.* (8)

Sa ganitong paraan nababago ng neoliberalismo ang kalagayang pang-ekonomiya at panlipunan ng isang bansang dumanas ng krisis. Sa ilalim ni Margaret Thatcher, naging tampok ang mapanupil na pagtatanggal niya ng mga 'balakid' sa pagsasakatuparan sa neoliberalisasyon. Hindi siya tumigil sa aspektong legal at estriktong pang-ekonomiyang polisiya lamang. Pinatagos niya ang pagtalima sa pinalalaganap niyang bagong kaayusan hanggang sa konsepto ng lipunan. Ayon kay Thatcher na tinalakay sa aklat ni Harvey (23), "there was no such thing as society, only individuals, men and women." Dagdag pa niya:

> *All forms of social solidarity were to be dissolved in favour of individualism, private property, personal responsibility, and family values. The ideological assault along these lines that flowed from Thatcher's rhetoric was relentless. 'Economics are the method', she said, 'but the object is to change the soul.'* (23)

Sa kaniyang panunungkulan din naging talamak ang pagdurog sa mga unyon ng mga manggagawa at ng iba pang sektor. Makikita sa dalawang inilahad na kaso ang laki ng epekto ng neoliberalismo. Pangunahing isinaalang-alang ang pag-ahon ng bansa mula sa krisis sa pamamagitan ng pagyukod sa kung anuman ang mapagkakasunduang mekanismo nito at ng mga institusyong uutangan. Sunod, ang mga ordinaryong mamamayan ang nakakaranas ng pinakamatinding epekto ng krisis dahil sa panahong 'ginagamot' ang ekonomiya ay palaging nauunang tinatapyasan ng badyet ang para sa serbisyong panlipunan. At kung hindi pa ito sapat ay maging ang kanilang kaisipan ay kokontrolin din sa pamamagitan ng pagbuwag sa anumang kaayusang nagpapakita ng panlipunang pagkakaisa. Itinaas sa pedestal ang pagtingin na ang kailangan lamang na bigyang pagpapahalaga ng bawat isa ay ang sarili, partikular ang proteksiyon ng pribadong pag-aari.

Ang mga pagbabago sa mga HEI mula sa artikulo ni Ortiga ay malinaw na epekto ng neoliberal na opensiba sa edukasyon dahil ipinapakita nito ang pagyukod ng mga institusyon (mula sa pagbabawas ng mga kahingian sa mga bagong papasok na guro hanggang sa paglalaan ng mga gusali upang makapagpapasok ng mas maraming estudyante) upang sumunod sa dikta ng demand sa paggawa. Itinuring na parang pabrika ang mga eskuwelahan kung saan ang produkto ay lakas-tauhan.

Paliwanag ni Sison, ang pagtatatag ng mga pormasyong katulad ng Asia-Pacific Cooperation ay nagsisilbing mga daluyan ng mga neoliberal na polisiya na kailangang sundin ng mga kasaping bansa nito. May pagpapanggap na ang mga tanaw ng mga bansa ay naaayos sa mga kasunduan na kasama silang lumikha, ngunit malinaw pa rin ang hindi balanseng kapangyarihan, lalo pa't kabilang din dito ang Estados Unidos, ang pangunahing may kontrol sa International Monetary Fund at World Bank.

Ayon pa kay Sison, kasama sa adyenda ng APEC ang "pagreporma sa sistema ng mga kasaping bansa upang tumugon ang mga ito sa mga pangangailangan sa lakas-paggawa, propesyonal, siyentipiko, at ideolohikal-kultural, ng sistemang global at imperyalista." Kasama sa mga kongkretong halimbawa ng pagtugon ng bansa rito ang pagpapatupad ng K-12 na kaugnay rin ng dahilan kung bakit ipinatupad ang CMO 20 s. 2013:

*Aquino's K-12 is driven in very specific terms by the US-led Washington Accord and Europe's Bologna Process, which are meant to recognize or accredit only those professionals (or engineers in the case of the Washington Accord) that have undergone 12 years of basic education. It is also driven in more general terms by the Education for All Agenda (EFA) of the World Bank and the UN's Millennium Development Goals (MDGs).*

*Instead of undergoing comprehensive basic education to prepare themselves to become productive members of Philippine society, the majority of the Filipino youth are now expected to prepare themselves to become the maids, caregivers, cleaners, restaurant waiters, hotel orderlies, hairstylists, plumbers, welders, carpenters, and bakers of the world.*

Ang pagpapatupad ng K-12 ay nagpahintulot sa maramihang pagpapatapos ng mga estudyante upang maging bahagi ng lakas-paggawa ng ibang bansa o ng mga kompanya o industriya rito. Gayunman, sila ay inaasahang maging low-skilled o semi-skilled workers lamang.

Makikita rin mismo sa mga inilabas na polisiya at plano sa panahon ni dating Pangulong Benigno Aquino III kung paano tumugon ang bansa sa pandaigdigang demand para sa lakas-paggawa. Ang susunod na susuriing tatlong dokumento ang nagbigay ng direksiyon sa lalong mataas na edukasyon sa termino ni Aquino III at kaugnay rin ng pagpapatupad ng K-12 at CMO 20 s. 2013: ang Higher Education Reform Agenda (HERA), Roadmap to Philippine Higher Education Reform (RPHER) at ang CHED Strategic Plan (CSP) 2011-2016.

Sa paliwanag sa batayan para sa RPHER, binanggit ang "kambal na estratehikong papel" ng lalong mataas na edukasyon ayon sa Philippine Development Plan 2011-2016. Ito raw ay magsisilbing "instrumento para sa pag-ahon sa kahirapan" at "behikulo para sa pambansang kaunlaran na isinusulong ng teknolohiya at global competitiveness [akin ang salin]." Nakaayon ito sa nakasaad sa 16 na puntong adyenda ni Aquino sa dokumentong Philippine Development Plan (PDP) 2011-2016, "(f)rom relegating education to just one of many concerns to making education the central strategy for investing in our people, reducing poverty and national building competitivenes." Nakikita ng pamahalaan ang edukasyon bilang isang instrumento upang mabawasan ang kahirapan sa bansa, at kailangang "mamuhunan" sa mga estudyante upang magawa ito.

Maraming maaaring mapuna sa artikulasyon at nilalaman ng tatlong dokumento, ngunit para sa bahaging ito, bibigyang diin ang paggamit ng salitang "rasyonalisasyon" sa edukasyon at pag-angkop sa kahingian ng mga industriya. Sa paggamit ng salitang "rationalize" tinatangkang bigyan ng katwiran ang mga kinakailangang hakbang upang gawin daw na epektibo o episyente ang lalong mataas na edukasyon at matanggal ang mga di-kinakailangang programa. Ngunit ang pagsasabi na may mga "di-kinakailangang programa" dahil ito ay nauulit ay nakaayon sa isang partikular na pamantayan na maaaring maiugnay sa tinatayang pagkamit ng "global competitiveness" at sa "international standards." Kaya ang tunay na anyo ng rasyonalisasyon ay pag-angkop o pagpapailalim sa dikta ng globalisasyon.

Malinaw ang isang kongkretong halimbawa ng programang magsasakatuparan ng ganitong layunin:

*Job-Skills Matching Project*

*In order to produce highly competent and competitive graduates, HEIs are encouraged to offer programs that are in demand and responsive to the needs of industry, both domestic and international. The job-skills matching project includes: formulation of master plans for priority disciplines; review of curricula to make them fit the needs of industries; establishment of labor market information system (LMIS) to provide up-to-date information on jobs that are in demand and hard to fill, to guide both students and parents in choosing courses; identification of areas of mismatch and implementation of strategies to address such mismatches; massive information dissemination on employment opportunities among students and HEIs; and periodic conduct of graduate tracer studies.* (CHED Strategic Plan 3)

Ayon sa proyektong ito, tila CHED na mismo ang lumikha ng tulay tungo sa kalalagyan sa industriya ng isang bagong gradweyt sa kolehiyo: binago ang kurikulum upang ang pag-aaralan niya ay nakaayon sa kahingian ng mga pagtatrabahuhan nito, at malalaman ng CHED ang mga nasabing kahingian dahil lilikha ito ng sistemang sadyang kakalap ng impormasyon mula mismo sa mga industriya.

**Talahanayan 1:**

*Ilang sipi mula sa RPHER, HERA, at CSP 2011-2016 na nagpapakita ng direksiyon ng lalong mataas na edukasyon noong administrasyong Aquino.*

| RPHER | HERA Strategic Directions | CSP |
|---|---|---|
| General objectives<br><br>To rationalize higher education, improve its internal and external efficiency, optimize resource utilization and maximize resource generation;<br><br>To improve quality and standards of higher education, raise the level of educational outcomes and increase the social relevance of its developmental functions; and<br><br>To expand access to quality higher education among lower income and disadvantaged groups | 1. Restructuring higher education institutions by amalgamation along regional systems and specified institutions;<br><br>2. Developing and implementing a typology of HEIs and a developmental incentives scheme to support quality assurance;<br><br>**3. Rationalizing programs through moratorium/phase-out of oversubscribed, inefficient, duplicative programs, and support of priority programs;**<br><br>4. Leveling the playing field in higher education through harmonization between public and private HEIs;<br><br>5. Institutionalizing and strengthening partnership with Basic Education;<br><br>6. Reviewing organizational structures and rationalizing resources for higher education;<br><br>**7. Strengthening quality assurance;**<br><br>8. Upgrading of qualifications of faculty;<br><br>**9. Achieving excellence and global competitiveness;**<br><br>10. Enhancing institutional governance through an executive development program;<br><br>11. Strengthening student financial assistance programs; and<br><br>12. Optimizing roles in poverty alleviation and social development. | a. Improve the relevance of higher education institutions (HEIs), programs, systems, and research to respond to the thrusts of the Philippine Development Plan (PDP), 2011 - 2016;<br><br>**b. upgrade the quality of higher education institutions, programs and systems in the country towards achieving international standards;**<br><br>c. broaden access to quality higher education of those who seek it;<br><br>d. efficiently and effectively manage the higher education system ensuring transparency and integrity in its programs and activities as its commitment to moral ascendancy; and<br><br>e. strengthen the Commission on Higher Education and other major stakeholders |

| | | |
|---|---|---|
| Vision for public higher education<br><br>The publicly-funded higher education institutions, especially the state universities and colleges, made more capable and accountable to the State<br>through enhanced public investments are main instruments in developing high-level professions to meet the manpower needs of industry, public service and civil society. | | 5. PROGRAMS, ACTIVITIES, AND PROJECTS<br><br>**5 .1. Rationalization of HEIs and Programs within a moratorium period on the opening of new programs especially in oversubscribed disciplines.** The objective is to lay the foundation for a more efficient and effective system in delivering quality public higher education services and for a more flexible regulatory framework for private higher education provision. The project components of the program include the following:<br><br>5.1.1 Aligning HEI programs with national development goals;<br><br>**• Job-Skills Matching Project in order to produce highly competent and competitive graduates, HEIs are encouraged to offer programs that are in demand and responsive to the needs of industry, both domestic and international**.<br><br>5.1.3. Amalgamation of HEIs and Programs<br><br>The objective of this program is to restructure the higher education system specifically the public component consisting of SUCs/ Local Universities and Colleges (LUCs), and other government schools **to improve efficiency in the delivery of quality programs, minimize duplication and promote complementation between and among public and private HEIs.** |

Sa pagsusuri ni Ramon Guillermo mula sa "Rationalizing Failures: The Philippine Government in the Education Sector," ang hakbang na ito ay maituturing na rin bilang komersiyalisasyon ng edukasyon dahil (1) pinagkakakitaan na ang mga pampublikong ahensiya dahil pinahihintulutan na itong pumasok sa mga kasunduan kasama ang mga negosyo at industriya sa tábing ng pagpapalakas sa SUC, (2) isinapribado ang mga serbisyo sa loob ng SUC tulad ng mga kantina at dormitoryo na dati'y nabibigyan ng subsidyo, at (3) yumuyuko ang mga institusyong pang-edukasyon sa kahingian ng merkado (131). Ipinaliwanag din niyang maaaring wala nang ibang batayan ang pagbabawas ng mga kursong "non-viable" kundi ang hindi nito pag-ayon sa pangangailangan ng dayuhang monopolyo kapital.

Dagdag ni Guillermo, kaugnay ng rasyonalisasyon ang pagbabawas ng badyet sa edukasyon kaya mapupuwersa ang mga ito na magpagana ng mga income-generating program, pribatisasyon at magbawas ng mga kurso at asignaturang hindi nagsisilbi sa kahingian ng mga korporasyon. Kaya ayon sa kaniya, ang madaling maligwak ay ang mga sabjek at kurso sa humanidades, agham panlipunan, at wikang pambansa.

> *Needless to say, TNCs do not need employees who are well-versed in Philippine history, language and culture, rather, the reverse is true. What they need are Filipinos with only a scant knowledge of themselves and a blind admiration for everything imported. It's easy enough to see the connection between the current emphasis being given to the teaching of English and that illusory image English competency being touted by the government as a comparative advantage of the Filipino employee or laborer in the Southeast Asian region. More insidious still, is the attempt to instill in young pupils values that are doubtless meant to inculcate a respect for authority and property and an acceptance of their "place in society." This is apparently an ideological offensive on the part of the state to combat the militant unionism for which the Filipino labor is well-known.* (133)

Mahalagang maipunto ang sinabi rito hinggil sa pagtukoy at pagtanggap ng indibidwal sa kaniyang lugar sa lipunan. Maging ang pang-unawa niya sa kaniyang papel ay idinidikta na rin ng kapital. Tulad ng pagsawata noon ni Thatcher sa mga unyon ng manggagawa at pagsikil sa anumang porma ng pakikiisa, sa usapin ng karahasang dulot ng kapital, kasama sa nawawala ang konsepto ng pagkatao.

## EPEKTO NG NEOLIBERALISMO SA PAGPAPLANONG PANGWIKA

Maaaring sabihin na karugtong ng pagkatao at pagkakakilanlan ng isang nagsasariling bansa ang wikang pambansa. Kaya naman may mabigat na papel ang mga institusyon katulad ng CHED sa pagpaplanong pangwika ng bansa. Sa mga nililikhang polisiya nagbubuhat kung paano mauunawaan, aaralin, at sasaliksikin upang sa kalauna'y pauunlarin ang Filipino bilang wikang pambansa at disiplina. Sinisimbolo ng mga polisiya o batas ang ibinibigay na pagpapahalaga (o nais ipakitang pagpapahalaga) ng awtoridad.

Ayon kay Howard Leichter (na binanggit sa "Language Planning and Social Change" ni Robert Cooper), may apat na salik na nakakaimpluwensiya sa paglikha ng polisiya: situational, structural, cultural, at environmental. Ang salik batay sa sitwasyon ay dulot ng mga pangyayaring relatibong hindi nagtatagal, ngunit may agarang epekto sa polisiya. Ang halimbawa ni Leichter sa mga ito ay digma, "mga pang-ekonomiyang siklo, sakuna, mga pangyayaring politikal, pagbabagong dulot ng teknolohiya, at kompetisyon" [akin ang salin] (93).

Ang estruktural na salik naman ay buhat sa mga politikal, ekonomiko, sosyal, demograpiko, at ekolohikong estruktura ng isang lipunan. At dahil hindi basta-basta nagbabago ang mga ito, higit na nagtatagal din at napapadronan ang epekto ng mga ito sa polisiya. Ilan sa mga halimbawa ni Leichter ang tipo ng rehimen, gobyerno, mga nagdaang komitment sa polisiya, sistemang pang-ekonomiya, baseng pang-ekonomiya, yaman ng bansa, populasyon, antas ng urbanisasyon, likas-yaman, at heograpikal na lokasyon.

Ang mga kultural na salik naman ay may kinalaman sa kaugalian (attitudes), pagpapahalaga (values), hanggang sa mga institusyon at ilang tipo ng kaayusan tulad ng papel ng mga kasarian, kasal, pamilya at relihiyon.

At panghuli, ang mga salik sa kapaligiran na tumutukoy sa "mga pangyayari, estruktura, at kaugalian na umiiral sa labas ng sistema ngunit nakakaimpluwensiya sa mga desisyon nito" (94). Kabilang dito ang mga internasyonal na kalagayang pang-ekonomiya at ang pagtulad o panghihiram ng mga idea para sa polisiya mula sa ibang bayan, internasyonal na kasunduan." (94)

Mula sa mga nabanggit na salik, maaaring maunawaan ang lalim ng pinag-uugatan ng mga polisiyang pangwikang ipinatutupad ng isang institusyon. At sa isang bansang malakolonyal, hindi basta masasabing nakabatay sa mga paniniwala at bisyon ng tagapangulo o direktor ng isang institusyon ang lilikhain nitong polisiya at programa. Mas madalas ay nagiging instrumento na lamang ang mga ito upang magsilbi sa interes ng higit na makakapangyarihang bansa na may kontrol dito.

## PAGSUSURI SA CMO 20 S. 2013 GAMIT ANG CRITICAL DISCOURSE ANALYSIS (CDA)

Ayon kay Fairclough mula sa "Language and Globalization," maaaring tingnan ang paggamit ng wika bilang panlipunang praktika at kung gayon ay makikita natin ito bilang moda ng pagkilos na nakabatay sa kontekstong panlipunan at kasaysayan (131). Sa pagsusuri ng isang teksto, hindi sapat na suriin ang nilalaman nito, kundi maging ang mga aspektong ekstra-linggwistiko ay nararapat ding pagtuunan ng pansin at isama sa pagbasa bilang dagdag na kahulugan ng teksto.

Nauna nang tinalakay ang umiiral na neoliberalisasyon sa edukasyon batay na rin sa repormang pinagdaanan nito mula 2011 dahil sa K-12. Sa susunod na bahagi ay susuriin naman ang nilalaman ng CMO 20 s. 2013 upang mapatunayan kung paano tumatagos sa mga polisiyang pangwika ang neoliberalismo. Patatampukin ang paggamit sa salitang "global" at mga kaugnay na termino na siyang nagpapakita na ang pagpapatupad ng memo na ito ay primaryang para sa pagtugon ng mga HEI sa demand ng pandaigdigang merkado.

Ayon kay Fairclough (mula sa "Analysing Discourse: Textual analysis for Social Research"), kinakailangang tingnan ang mga salik na bumubuo at pinagmumulan ng kahulugan ng isang teksto: ang 'social structure' at 'social practices' at ang 'social agent.' Maituturing na social agent ang CHED dahil binabago nito ang pagtingin at pagpapahalaga ng mga tao sa wikang Filipino. Social structure naman ang wika dahil ito ang "nagpapahayag ng partikular na potensiyal, partikular na posibilidad, at hindi nagsasama (excludes) ng iba" [akin ang salin] (24). Dahil hindi nananatiling iisa ang kahulugan ng wika, maaari itong gamitin upang magtago o magkubli ng kaisipan depende sa estilo ng artikulasyon. Ang maituturing naman na social practice ng CHED ay ang pagpaplanong pangwika nito. Isinasapraktika ito sa mga tekstong inilalabas. Kasama sa pag-aaral ang CMO 20 s. 2013, pahayag ng dalawang opisyal na may kaugnayan sa CHED at may papel na ginampanan sa pagpapatupad ng CMO 20 s. 2013, at opisyal na pahayag ng CHED.

Ipinapalagay ng pag-aaral na hindi lamang basta magkakaugnay ang mga polisiya at pahayag na inilalabas ng CHED at ang plano ng sentral na administrasyon sa lalong mataas na edukasyon. Dahil sa katangian at katayuan ng bansa na pagiging malakolonya ng Estados Unidos, natural na susunod ang nauna sa kumpas ng huli.

Susuriin ang mga inilabas ng CHED batay sa konsepto ng 'intertextuality' na ayon kay Fairclough ay "kung paano humahango, sumasanib, nagre-recontextualize o nakikipag-usap ang isang teksto sa iba pa" (17). Iuugnay ang nauna nang tinalakay na kalagayan ng bansa at programa ng gobyerno sa edukasyon sa kinalaunang inilabas na memo ng CHED. Dagdag pa, sa usapin ng authorship ng teksto binanggit ni Fairclough kung paano ito pinag-iba-iba ni Goffman:

> *Goffman (1981) differentiates the 'principal', the one whose position is put in the text, the `author', the one who puts the words together and is responsible for the wording, and the 'animator', the person who makes the sounds or the marks on paper. In the simplest case, a single person simultaneously occupies all these positions, but in principle this may not be so — for instance, a spokesman may be simply the `mouthpiece' for others in an organization (i.e. just the `animator'), or a news report may be authored by a journalist while the principal may be some politician, for instance, whose position is being implicitly supported* (12).

Ipagpapalagay ng pag-aaral na bagaman itinuturing ang CHED bilang principal at author ng kaniyang mga polisiya, ang totoo'y isa lamang itong animator para sa posisyon ng Estados Unidos. Nangangahulugan ito na ang ipinatupad na mga polisiya ay pag-angkop lamang sa umiiral na ideolohiya at pangangailangan ng dayuhang bansa.

Ang CMO 20 s. 2013 ang ikatlong memorandum na inilabas ng CHED kaugnay ng kurikulum ng General Education (GE) sa kolehiyo. Ang una ay ang CMO 59 s. 1996 o New General Education Curriculum. Sa bisa nito ay naging 57 units na lamang ang kinakailangang makuhang kurso sa GE mula sa dating 63. Sumunod ang CMO 54 s. 2007 na nagrebisa naman ng silabus ng Filipino 1, 2, at 3 sa ilalim ng New GE Curriculum.

Nakasaad sa CMO 20 s. 2013 na minimum na 36 units na lamang ang kinakailangang kuning kurso sa GE kung saan 24 units ang core courses, 9 units ang elective, at 3 units para sa kursong Rizal alinsunod sa RA 1425. Nabawasan ang mga kursong GE sa kolehiyo dahil inilagay ang ilan sa kurikulum ng senior high school (SHS), alinsunod sa mga reporma sa edukasyon kung saan kabilang ang K-12 o Enhanced Basic Education Curriculum.

Layunin ng pagbabagong ito na "ma-expose ang mga estudyante sa iba't ibang dominyo ng kaalaman at mga pamamaraan sa pag-unawa ng panlipunan at natural na realidad. At sa proseso ay mapauunlad ang intelektuwal na kakayahan at kapasidad bilang miyembro ng komunidad, bansa at mundo" [akin ang salin] (CHED Memo 20 s. 2013).

Ang mga sumusunod ang bubuo sa nirebisang kurikulum:

**Talahanayan 2:**
*Mga kurso sa GE ayon sa CMO blg. 20 s.2013*

| Pamagat | Deskripsiyon |
|---|---|
| Pag-unawa sa sarili | Mga katangian at elemento ng identidad; mga salik at mga puwersa na umaapekto sa paghubog at pagpatnubay sa personal na identidad |
| Mga Babasahin hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas | Mga piling primaryang sanggunian ukol sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ng Pilipinas, pagsusuri at interpretasyon |
| Ang Kasalukuyang Daigdig | Globalisasyon at ang epekto nito sa mga indibidwal, mga komunidad, at mga nasyon; mga hamon at mga tugon |
| Matematika sa Makabagong Daigdig | Mga elemento ng matematika, pagpapahalaga sa mga praktikal, intelektuwal, at estetikong dimensiyon nito; at gamit ng matematika sa araw-araw na buhay. |
| Malayuning Komunikasyon | Pagsulat, pagsasalita, at paglalahad para sa iba't ibang madla at iba't ibang layunin |
| Pagpapahalaga sa Sining | Kalikasan, tungkulin, at pagpapahalaga sa mga sining sa kasalukuyang lipunan |
| Agham, Teknolohiya, at Lipunan | Interaksiyon ng agham at teknolohiya at ang mga kontekstong panlipunan, pangkultura, pampolitika, at pangkabuhayan na humuhubog at hinuhubog ng mga ito; mga yamang halimbawa ng mga pagbabagong siyentipiko at teknolohikal sa kasaysayan ng sangkatauhan |
| Etika | Mga simulain ng ugaling pang-etika sa makabagong lipunan sa antas na pantao at panlipunan at sa ugnayan ng mga ito sa kalikasan at sa ibang kolektibong yaman |

Sa pagpuno naman ng mga kursong elective, nagbigay rin ng mga pagpipilian ang CHED batay sa tatlong mayor na dominyo. Sa Mathematics, Science and Technology, maaaring kunin ang Environmental Science, People and the Earth's Ecosystems, Human Reproduction, at Living in the IT Era. Sa Social Science and Philosophy, mayroong Religions, Religious Experiences and Spirituality, Philippine Indigenous Communities, Gender and Society, at The Entrepreneurial Mind. At sa dominyo ng Arts and Humanities, maaaring piliin ang Great Books, Philippine Popular Culture, Indigenous Creative Crafts, at Reading Visual Art.

Sa huling bahagi ng memo nagbigay ng mga probisyon para sa transisyon mula sa umiiral na programa ng batayang edukasyon tungo sa K-12. Sa panahong ito, kinakailangan daw na maghanda ng mga HEI at ihanda ang mga guro nito sa oryentasyon at pilosopiya ng liberal na edukasyon, paggamit ng mga bagong materyal, at pagkilala sa mahuhusay na pamamaraan ng pagtuturo ng GE. Kasama pa sa paghahanda ang paglikha at pagdisenyo sa mga bagong GE elective at pagpapaunlad ng sistema ng pagsubaybay at pagtatasa sa pagpapatupad ng mga programa ng GE sa mga kolehiyo at unibersidad.

Mula sa tatlong dokumentong HERA, RPHER, at CSP 2011-2016 at sa pagtalakay sa neoliberalisasyon sa edukasyon, sunod namang susuriin ang iniluwal ng mga itong panibagong polisiya – ang CMO 20 s. 2013 – sa epekto nito sa kurikulum ng GE at sa pamamaraan ng artikulasyon nito.

Ang pinakatampok sa nilalaman ng CMO 20 s. 2013 ay nawala ang Filipino sa mga required na kurso sa programa ng GE. Katulad ng mga nabanggit sa itaas, hindi nakikitang mahalaga ang Filipino sa edukasyon ng mga estudyanteng papasok at magiging bahagi ng lakas-paggawa sa mga pagawaan. Ang desisyong ito ay higit ding mabibigyang linaw sa artikulasyon ng intensiyon ng CMO 20 s. 2013.

Sa maraming bahagi ng memorandum, palaging kasama ang salitang "global" o mga kaugnay na salitang "world," "globalized world," "larger community," "globalization," at "globalized community." Narito ang tala ng mga pangungusap na pinaggamitan nito at mga bahagi kung saan ginamit:

**Talahanayan 3:**
*Dalas ng paggamit ng salitang "global" sa CMO blg. 20 s.2013*

| Blg | Saang bahagi nakasulat | Susing pahayag at salita |
|---|---|---|
| 1 | Article 1: Curriculum Overview | "It exposes them to various domains of knowledge and ways of comprehending social and natural realities, developing in the process...<br><br>Intellectual competencies such as critical, analytical and creative thinking, and multiple forms of expression; and<br>Civic capacities demanded of membership in the community, country, and the **world**." |
| 2 | Layunin ng GE | "To produce thoughtful graduates imbued with ... (4) the competency to learn continuously throughout life—that will enable them to live meaningfully in a complex, rapidly changing and **globalized world** while engaging [in] their community and the nation's development issues and concerns." |
| 3 | | The rest of the goals - to produce graduates with high levels of academic, thinking, behavioral, and technical skills/competencies aligned with national and, when applicable, **international standards**; |

| | | |
|---|---|---|
| 4 | | The fundamental purpose of higher education, therefore, is not only to develop knowledgeable and competent graduates in a particular field, but also well-rounded individuals who appreciate knowledge in a general sense, are open-minded because of it, secure in their identities as individuals and as Filipinos, and cognizant of their role in the life of the nation and **the larger community**. |
| 5 | Section 1: Goals and Context of General Education | It also prepares the Filipino for the demands of **21st century life** and the requisite abilities to anticipate and adapt to swiftly changing situations, to think innovatively, and create solutions to problems. |
| 6 | | General education enables the Filipino to find and locate her/himself in the community and the world, take pride in and hopefully assert her/his identity and sense of community and nationhood amid the forces of **globalization**. |
| 7, 8 | | In general education the holistic development of the person takes place in overlapping realms:<br>Individual... (b) Filipino society and nation... and (c) **Global community**, where the Filipino student recognizes and respects the fundamental humanity of all, respects and appreciates diversity, and cares about the problems that affect the (c) **world**. |

Ang una ay ekstensiyon ng rasyonal dahil ang binanggit na kakayahang sibiko (civic competencies) ay nakabatay sa kung ano ang hinihingi ng "komunidad, bansa, at ng mundo." Sa ikalawa naman ay nakatakda sa layunin ng memorandum na matutuhan ang kakayahang makakatulong upang makaangkop sa mabilis na nagbabagong globalisadong mundo. Ganito rin sa ikatlong tala, kailangang nakaayon sa internasyonal na pamantayan ang mga katangian ng mga nagtapos ng edukasyon. Sa ikaapat naman ay bahagi pa rin ng layunin na ang mga mag-aaral na makapagtatapos ay malay sa papel nila sa higit na malaking komunidad.

Sa mga naitala sa ilalim ng layunin at konteksto ng GE, binanggit ang kahandaan sa mga kahingian ng buhay sa ika-21 siglo, pagiging malay sa kaniyang identidad sa gitna ng puwersa ng globalisasyon, at ang pag-unlad ng isang Pilipinong estudyante na malay sa papel nito sa global na komunidad at may malasakit sa mga suliraning pandaigdig.

Batay sa ilang ulit na pagbanggit at pagbibigay-diin, lubhang napakahalaga para sa CHED na ipatimo sa isip ng mga kabataang estudyante na may kalulugaran sila hindi kalaunan sa isang globalisadong mundo. Hindi binanggit kung ano ang partikular na tungkuling ito, ngunit marahil ay hindi ang pagtukoy rito ang intensiyon ng CHED. Ito ay ang ipatanggap ang papel na matagal nang inilatag ng mga makapangyarihang bansa.

Tinalakay ni Bienvenido Lumbera sa kaniyang artikulong "Saan Tutungo ang Wikang Filipino Ngayong Binubura na ito ng Globalisasyon?" na tinitingnang hadlang ang wikang pambansa sa malayang paggalaw ng mga produkto (kasama ang lakas-paggawa na "ini-export" ng bansa). Dahil nililikha ang konsepto ng 'world without borders' (na isa sa mga pinagandang ekspresyon ng neoliberalismo), ang paggigiit sa pambansa at kultural na identidad na bahagi ang wika ay sagka para sa daluyan ng kapital ng iba't ibang mga bansa. Kadalasan, palitan ito sa pagitan ng isang papaunlad na bansa at higit na makapangyarihang bansa.

Hindi lamang wika ang tinutukoy rito, kundi maging mga kurso sa humanidades, kultura, sining, agham panlipunan at iba pang katulad, dahil napagtitibay ng mga disiplinang ito ang pagkakakilanlan ng isang indibidwal at ng isang bayan. Ang paggigiit ng pagkakakilanlan ay hindi sumasang-ayon sa homogenisasyon na pakay rin ng Association of Southeast Asian Nations kung saan kasaping bansa ang Pilipinas.

## PAGSUSURI SA MGA PAHAYAG

May tatlong pahayag mula sa mga kinatawan ng CHED at ilang sipi mula sa nasusulat na pahayag ang lubhang mahalaga ring suriin upang makita kung paano sineselyohan at binibigyang-katwiran ng awtoridad ang kanilang mga polisiya.

| | |
|---|---|
| Patricia Licuanan, dating tag-apangulo ng CHED | "We don't think that every student really should go to college. There are very good programs in the technical and vocational areas or in the area of middle-level skills, and you get jobs when you finish these programs." |
| Patricia Licuanan, dating tag-apangulo ng CHED | "To be properly cultivated, Filipino cannot merely be taught as a subject, but must be used in oral and written forms, across academic domains" (Quintos). |
| Isagani Cruz, miyembro ng Technical Panel sa GE ng CHED | "No one else in the whole world has as many units of General Education as we do" (Flores). |

Sinabi ni Licuanan ang unang pahayag sa isang interbyu noong kasagsagan ng implementasyon ng K-12. Ang K-12 ay kasama rin sa mga reporma sa edukasyon na ipinatupad sa ilalim ng administrasyon ni Aquino III. Dahil madaragdagan ng dalawang taon ang sekundarya, binibigyang-katwiran niya na hindi na kailangang magkolehiyo ang lahat ng mga kabataan lalo kung may mga oportunidad na para sa empleo pagkatapos ng senior high school. Makikita sa pahayag na ito na una, CHED mismo ang bumabasag sa kaisipang mahalaga ang diplomang makukuha sa pagtatapos ng kolehiyo. Maaaring upang bigyang patunay ang pinamaraling bentahe ng K-12 sa gitna ng pagtutol ng mga estudyante't magulang noon, hinikayat ni Licuanan ang mga ito na maniwalang maaaring magkaroon ng trabaho ang kabataan kahit hindi gradweyt ng kolehiyo. Ang ganitong pahayag ay maaaring ituring na pagpapakilala sa isang ruta ng kabataang estudyante. Kung pipiliin, dadami sa isang taon, halimbawa, ang mailalabas ng K-12 at mga SUC na kabataang maaari nang lumahok sa mga pagawaan at industriya. Isang halimbawa ito kung paano nagkukumahog ang CHED sa pagsuplay sa kahingian ng sinasamba nitong global na komunidad. Dagdag pa, may mandato ang CHED na itaguyod ang makabuluhan at de-kalidad na edukasyon at tiyaking kaya itong makamit ng mga estudyante (CHED.gov.ph). Kaya naman may bigat ang ganitong pahayag mula sa institusyong dapat ay nanghihikayat na makapagtapos ng kolehiyo ang lahat ng mga kabataan.

Inilalantad din ng pahayag na ito ang kaisipang ang tanging layunin ng edukasyon ay para magkaroon ng trabaho. Kung hindi makakapagkolehiyo, maaaring sumubok sa teknikal-bokasyonal na programa upang masigurong magkakaroon pa rin ng hanapbuhay. Sumasang-ayon pa rin ito sa tinalakay sa mga naunang bahagi na maging ang mga kurikulum sa mga SUC ay kinakailangang iayon sa kakayahan at kaalamang inaaasahan ng malalaking industriya.

Bagaman ito ay sentimiyentong laganap na at hindi lamang CHED ang may tangan, ang prinsipyong ito ay isang halimbawa ng nakatagong batayan (hidden premise) sa usaping ito. Kung ang diploma ay rekisito upang makakuha ng trabaho, hindi ba't nararapat lamang na nakaayon (tailor-fit) ang resume para sa kompanya at industriyang papasukin ng isang nagtapos?

Ang ikalawa namang pahayag ni Licuanan ay lumabas noong kasagsagan ng implementasyon ng CMO blg. 20 s. 2013. Sinabi niyang hindi lamang dapat ituro bilang asignatura ang Filipino kung hindi ay nararapat din itong gamitin sa lahat ng dominyo. Bahagi ito ng kaniyang tugon sa mga grupo ng mga guro at estudyante na nagprotesta laban sa memo na nagtanggal sa Filipino sa kurikulum ng GE. Makikita sa pahayag ang balat-kayong pagpapahalaga sa wika sa pamamagitan ng pagsasabing kinakailangan ding magamit ang Filipino nang pasulat at pasalita sa iba't ibang dominyo upang higit na mapagyaman. Ngunit kung titingnan, hindi ito sinusuportahan ng anumang polisiya ng CHED. Kaya masasabing ang intensiyon lamang nito ay pagaanin ang isang masamang balita, o pagbanggain ang idea ng Filipino bilang isang kursong dapat pinag-aaralan sa kolehiyo at Filipino bilang wikang panturo at

isa lang ang maaaring manaig. Ang pagturing sa wikang Filipino bilang wikang pangkomunikasyon lamang ay lubhang mapanganib lalo pa't batid natin ang mahigpit na ugnayan ng wika sa kultura at lipunan. Ibig sabihin, upang tunay na maintelektuwalisa ang wika, hindi lamang ito dapat ginagamit sa pagtuturo, ngunit dapat ding pag-aralan at saliksikin.

Ang ikatlong pahayag naman mula kay Cruz ay bahagi ng kaniyang opinyon hinggil sa pagbabawas ng bilang ng yunit sa GE. Sa unang tingin, lalo namang mas mababa ang naging dahilan ni Cruz sa pagtatanggal ng Filipino sa GE dahil ang tinukoy lamang niya ay pagpapababa ng bilang. Ngunit, kung susuriin pa, ang maaaring tinutumbok nito ay ang lalo pang pagpapaiksi ng oras na ilalaan sa GE para lalo ring mapabilis ang pagtatapos ng isang estudyante sa kolehiyo at pagsabak sa paggawa. At ang pagbabawas na ito ay isang mukha ng rasyonalisasyon ng edukasyon dahil tinatanggal ang mga kursong nauulit na. May panukala nang gawin ito noong 2016 ayon sa House Resolution 117 na inaabisuhan na ang mga opisyal ng CHED at DepEd na magkasamang pag-aralan at ikonsidera ang pagpapaikli ng mga digri at sa esensiya'y mabawasan ito ng isang taon. Dagdag pa, ang paghahambing na ginawa ni Cruz sa sinusunod ng bansa at ng iba pang mga bansa sa usapin ng bilang ng GE ay kinakikitaan din ng pagsunod sa istandard ng ibang bansa. Mas titingkad ang kamalian ng pagdadahilang ito dahil nabanggit din mismo sa kaniyang pahayag na wala silang isinagawang pag-aaral bago sila nagbawas ng yunit sa kurikulum ng GE.

Ang ibabawas na oras sa GE ay mailalaan sa mga kurso para sa espesyalisasyon – isang katangian ng konsumeristang edukasyon. Dahil hindi kapaki-pakinabang para sa mga industriya ang kaalamang kadalasang makukuha mula sa mga kursong may kinalaman sa wika, sining, kasaysayan at iba pang katulad. Kaya rin maaaring asahan na hindi ang CMO 20 s. 2013 ang huling polisiyang magpapakaunti sa bilang ng yunit na required sa GE.

## MGA NASUSULAT NA PAHAYAG NG CHED

Bukod sa mga panayam, nakapaglabas din ang CHED ng dalawang pahayag hinggil sa memorandum na ito. Ang una ay pagpapasubali sa bintang ng mga nagpoprotesta laban sa CMO blg. 20 s. 2013 dahil tanging mga guro sa Filipino lamang daw ang mawawalan ng trabaho. Ito ang tugon ng CHED:

> *The new GEC, moreover, offers entirely different courses from the old one. Hence the displacement is not focused on Filipino teachers but spans all the disciplines, and therefore the claim that Filipino teachers alone are displaced is inaccurate, just as the claim that Filipino as the medium of instruction has no place in the new curriculum is also false.* (Licuanan, "On the Removal of Filipino and Filipino Teachers from the New General Education Curriculum")

Hindi nakatulong ang pahayag na ito sa pagbibigay-linaw sana ng Komisyon hinggil sa kanilang desisyon dahil ang sinabi lamang nila ay sadyang may matatanggal, ngunit hindi totoong mula lamang sa mga guro ng Filipino. Bagaman sinabi nila sa isa pang pahayag na nasa HEI ang pagpapasya kung nais nilang ituro ang buong kurikulum ng GE sa Filipino, hindi nito nasasagot ang pundamental na tanong hinggil sa kahalagahan ng pagtuturo ng Filipino bilang disiplina sa kolehiyo. Sa mga pahayag na sinuri, walang direktang sumagot sa tanong na ito. Palaging nauuwi sa kanilang argumento na hindi tunay na mawawala ang Filipino sa kolehiyo dahil magagamit pa rin naman ito bilang wikang panturo.

Sa isa pang pahayag, may reaktibong solusyon ang Komisyon hinggil sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo:

> *Without changing the provisions of CMO 20, the Commission shall support such aims by providing incentives to HEIs that opt to use Filipino in the GE courses or offer several sections of a given course in Filipino and other Philippine languages* (Licuanan, Statement of the Commission on Higher Education on Filipino and the Revised General Education Curriculum)

Dahil makitid ang pagtingin ng CHED hinggil sa pagpapaunlad ng wikang Filipino at dahil ito ay sasalungat sa kanilang neoliberal na adyenda, popostura silang nanghihikayat na gamitin ang Filipino bilang wikang panturo kahit na sila ang nasa posisyon upang iinstitusyonalisa ito. Kung tutuusin, kaya malaki ang paniningil ng mga tumutunggali sa CMO blg.20 s. 2013 sa CHED ay dahil mula mismo sa institusyong akademikong ito ang pagsasantabi sa pagpapaunlad sa wikang pambansa, na lumalabas sa probisyon ng Konstitusyong 1987. Ngunit dahil matagal nang nakadisenyo ang sistema ng edukasyon ayon sa mga kahingian ng industriya at kahingiang global

kung saan ang dominanteng wika ay Ingles, tila mas mababa pa sa alternatibo o opsiyon ang Filipino. Nagiging instrumento o token na lamang ito upang sabihing bahagi pa rin ng kolehiyo ang Filipino, kahit iba naman ang nilalaman ng mga polisiya tungkol dito.

Sa pagsusuri ni Sarah Raymundo sa "The Symptoms of Marketisation" ipinaliwanag niya ang konsepto ng 'transformative view of education' sa panahon ng marketisasyon ng edukasyon. Tinalakay rin niya na ang katwiran ng administrasyon ng Unibersidad ng Pilipinas sa pagtataas ng matrikula nito ay nakaangkla rin sa polisiya ng gobyerno. Taliwas ito sa pagtingin na nanggaling sa masusing pagsusuri ng mga administrador ang hakbang na ito.

> *Restructuring public higher education through the policies cited above enthrones the market as the means and ends of education. Indeed, the global reconfiguring of capital on account of its severe crisis in the 1990s has led to the creation of a global network of complicit states and institutions that refurbishes a dying territorial world-system (Tadiar 2005). The various measures which serve such purpose are subsumed under the banner of rationalization of higher education, which means higher tuition, state-abandonment of subsidy to education and the normalization of marketised relations in schooling, hence the abstraction of human relations within the field of education, are symptoms of a larger crisis. Defenders of this process, however, justify their proposals as "innovative" and "realistic" measures when all they do is mistake symptoms for solutions.* (40)

Higit na malinaw kung paano naging neoliberal na polisiya ang CMO 20 s. 2013. Dalawang pakay ng rasyonalisasyon ng edukasyon ang nasapul ng memo: nakapagbawas ang mga SUC ng sasahurang mga guro dahil maraming nawalan ng trabaho sa pagkakatanggal ng Filipino sa GE at nawala rin ang mga kursong hindi kakailanganin sa mga namamayaning industriya.

Lampas pa sa indibidwal, ipinaliwanag din ni Raymundo ang dalawa pang maaaring epekto ng kasalukuyang kalagayan sa edukasyon sa kamalayan ng kabataan at kalaunan ng lipunan. Ayon sa kaniya, dahil sa pagkakahulma ng kurikulum ng mga SUC, nawawalan ng oportunidad na maiugnay ang mga disiplinang ito sa tunay na kalagayang panlipunan at maaaring magkaroon tayo ng social amnesia. Ang ikalawang epektong ito ay dahil na rin sa pagturing at pagbabaha-bahagi sa kaalaman na hiwalay sa kontekstong panlipunan at pangkasaysayan nito. Muli, mabisang mekanismo ito upang mabuwag ang kultural at pambansang identidad ng isang lipunang ang tanging papel lang ayon sa makapangyarihang bansa ay tagasuplay ng lakas-paggawa.

## PAGLALAGOM

Bagaman madaling maunawaan ang nilalaman ng mga ito, may ikinukubli ang mga salita na kung hindi susuriin ang konteksto ay mukhang pakikinabangan ng mga mamamayan. May mga motibasyon at pakay na kayang itago sa masasaklaw na pahayag, ngunit kayang bigyang linaw sa pagtingin sa mga salita at kaligiran ng mga polisiyang ito. Mahalagang maunawaan ito lalo na para sa mga usapin sa polisiyang pangwika at sa mga polisiyang may kinalaman sa edukasyon. Ang tunay na kahulugan ng "pleksibleng" unibersidad o ang layuning maging "globally competitive" ang mga estudyante ay nakasalalay sa pagkonsidera sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa at sa mga polisiyang ipinatupad sa mga panahong ito. Kahit pa sabihing may programang naglalayong magbigay ng "Education for All," kinakailangan pa ring tanungin kung anong tipo ng edukasyon ang inihahain.

Maituturing na neoliberal na polisiya ang memorandum na ito sa GE dahil umaayon ito sa konsepto ng liberalisasyon, pribatisasyon, at deregulasyon ng pamilihan. Dahil sa malakas na agos ng liberalisasyon na relatibong mas malayang nakakadaloy patungo sa mga bansang malakolonya, pakitid nang pakitid hanggang sa tuluyang nawawala ang daluyan ng katutubong wika. Sa kaso ng Pilipinas, mahihiwatigan ang papakitid na daluyang ito dahil sa pagpapatupad ng isang memorandum na nagtatanggal sa papel ng wikang pambansa sa edukasyon.

Sa isa pang banda, lumilitaw rin ang deregulasyon sa wika dahil nawawalan na ng kontrol ang estado sa usaping ito. Tumatayong institusyon ng estado ang CHED ngunit kung susuriin ang mga nilillikha nitong polisiya, nakaayon ito sa kumpas at direksiyon ng rehiyonal na integrasyong ipinatutupad sa ASEAN. Inilantad din kung paanong iniaayon sa mga internasyonal na pamantayan ang lalamanin ng mga kursong ihahain sa mga estudyante. At sa ilan pa ngang mga SUC, nagbawas ng mga kursong hindi mapagkakakitaan. Kung tutuusin, ang sinasabing global na komunidad at internasyonal na istandard ay pawang mga baryasyon lamang ng

salitang pamilihan. Sa kairalan ng neoliberalismo ngayon, ito at ang kapangyarihan ng Estados Unidos ang nagdidikta sa galaw ng iba't ibang bansa, direktang impluwensiya man o hindi.

Maaari pa ngang sabihin na sa konsepto ng 'principal-author-animator' ni Fairclough, hindi maituturing na principal na elemento ang CHED sa mismong memorandum nito dahil ang pinagmumulan ng mga ito ay ang mga polisiyang ipinatutupad sa pamamagitan ng ASEAN University Network, ASEAN, at mula sa preskripsiyon ng mga higanteng institusyong pampinansiya katulad ng IMF at WB. Nagsisilbi na lamang tuloy itong animator na nagpapatupad ng polisiya rito sa bansa.

Kaya sa kasawiang palad para sa ating wikang pambansa, tunay na nakaugat ang pag-unlad o pagkabansot nito sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa. Hangga't nakakawing ang ekonomiya ng Pilipinas sa Estados Unidos, patuloy na maipatutupad ang mga neoliberal na polisiyang ang pangunahing nakikinabang din ay ang makapangyarihang bansa. ◆

## SANGGUNIAN


Ayroso, Dee. "'Victory': Filipino Language Defenders Laud Sc for TRO on Ched Memo Order 20." Bulatlat. 27 Abr. 2015. Onlayn. 8 Peb. 2021.

Block, David, John Gray, and Marnie Holborow. Neoliberalism and Applied Linguistics. New York: Routledge, 2012. Limbag.

Buan, Lian. "Supreme Court lifts TRO: Filipino not required subject in college." Rappler. 10 May. 2018. Onlayn. 8 Peb.2021.

Cooper, Robert L. Language Planning and Social Change. New York: Cambridge University Press, 1990. Limbag.

CMO № 20, s. 2013 - General Education Curriculum – CHED. 2013. CHED. ched.gov.ph/chedCHED/. Onlayn.

Commission on Higher Education. COMMISSION ON HIGHER EDUCATION (CHED) STRATEGIC PLAN FOR 2011-2016. CHED. 2011. Onlayn.

Fairclough, Norman. Analysing Discourse: Textual analysis for Social Research. London: Routledge, 2003. Limbag.

__________________. Language and Globalization. London: Routledge, 2006. Limbag.

Flores, Helen. "CHED to discuss removal of Filipino in curriculum." PhilStar. 22 Set. 2017. Onlayn. 8 Peb. 2021

Geronimo, Jee Y. "CHED keeps new GE curriculum." Rappler. 27 Nob. 2014. Onlayn. 8 Peb. 2021.

______________. "No Filipino subjects in college? 'Tanggol Wika' opposes CHED memo." Rappler. 21 Hun. 2014. Onlayn. 8 Peb. 2021.

______________. "CHED May Require Use of Filipino to Teach Some GE Courses." Rappler. 23 Hun. 2014. Onlayn. 8 Peb.2021.

Guillermo, Ramon. "Rationalizing Failures: The Philippine Government in the Education Sector (1997)." Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education In the Philippines. Pinatnugutan nina Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, at Arnold Alamon. IBON Philippines, 2007. 127-38. Limbag.

Harvey, David. A Brief History of Neoliberalism. New York: Oxford University Press, 2005. Limbag.

Hallare, Katrina. "CHED Refutes 'Anti-Filipino' Tag." INQUIRER.net, 29 May. 2019, Onlayn. 8 Peb. 2021.

Licuanan, Patricia B. "On the Removal of Filipino and Filipino Teachers from the New General Education Curriculum [PRESS STATEMENT]." On the Removal of Filipino and Filipino Teachers from the New General Education Curriculum [PRESS STATEMENT]. CHED. 23 Hun. 2014. Onlayn. 8 Peb. 2021.

___________________. "STATEMENT OF THE COMMISSION ON HIGHER EDUCATION ON FILIPINO AND THE REVISED GENERAL EDUCATION CURRICULUM (CMO NO. 20, SERIES OF 2013)." CHED. 27 Nob. 2014. Onlayn. 8 Peb. 2021.

Raymundo, Sarah. "The Symptoms of Marketisation." Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education In the Philippines. Pinatnugutan nina Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, at Arnold Alamon. IBON Philippines, 2007. 31-42. Limbag.

San Juan, David Michael M. Asia-Pacific Social Science Review 16.1 (2016): 80-110. Onlayn.

Sison, Jose Maria. “APEC’s Neoliberal Offensive and Its Effect on Philippine Education.” Josemariasison.org. 31 Hul. 2015. Onlayn. 8 Peb. 2021.

Umil, Anne Marxze D. “Educators, students form alliance to defend Filipino language, subject.” Bulatlat.com. 14 Hun. 2014. Onlayn. 8 Peb. 2021.

____________________. “New Ched memo retains Filipino units in college – except for literature.” Bulatlat.com. 21 Hun. 2017. Onlayn. 8 Peb. 2021.

“United States.” World Bank. www.worldbank.org/en/country/unitedstates. Onlayn.

Yasmin, Ortiga Y. British Journal of Sociology of Education 38.4 (2018): 485-99. Limbag.

Si JONELLE E. MARIN ay kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Departamento ng Humanidades sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtuturo siya ng mga kurso hinggil sa wikang Filipino at pagsulat ng argumento. Nagtapos siya ng BA Communication Arts mula sa parehong unibersidad at MA Filipino (Wika) naman sa UP Diliman. Maaari siyang makontak sa jemarin1@up.edu.ph.